HOUSE OF REPRESENTATIVES
RECEIVED
DATE: DEC 05 2022
TIME: 11:03 am
BY: [signature]
BILLS & INDEX SERVICE

Republic of the Philippines
**HOUSE OF REPRESENTATIVES**
Quezon City, Metro Manila

**NINETEENTH CONGRESS**
First Regular Session

**HOUSE RESOLUTION NO. 614**

**Introduced by Representatives DANILO A. DOMINGO, AUGUSTINA DOMINIQUE "DITSE TINA" C. PANCHO, LORNA C. SILVERIO, LINABELLE RUTH R. VILLARICA, AMBROSIO C. CRUZ, JR., SALVADOR A. PLEYTO, SR., AND FLORIDA "RIDA" P. ROBES**

**ISANG RESOLUSYONG HUMIHILING NA MABIGYANG PRAYORIDAD ANG PAGBIBIGAY NG AGARAN AT KOMPREHENSIBONG SOLUSYON SA DEKA-DEKADA NANG PROBLEMA NG PAGBAHA SA PROBINSYA NG BULACAN, LALO'T HIGIT DAHIL SA NAPIPINTONG PAGBUBUKAS NG BULACAN AIRPORT, AT MAGSAGAWA NG *INQUIRY IN AID OF LEGISLATION* UKOL RITO**

*SAPAGKAT,* ang pagbaha ay nagpapahirap sa buhay ng maraming Bulakenyo hindi lamang sa panahon ng tag-ulan kundi maging kahit tag-araw nang matagal nang panahon;

*SAPAGKAT,* ang pagbaha na ito ay sanhi kung bakit maraming palayan at palaisdaan ang hindi na mapakinabangan ng mga magsasaka at mangingisdang pangunahing bumubuhay sa atin;

*SAPAGKAT,* nito lamang Setyembre 2022, kinailangang ilikas ang mga residente ng San Miguel, Bulacan mula sa panganib ng tumataas na baha na dala ng Super Typhoon Karding, kaya dagliang tumugon sina Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO) Personnel George E. Agustin, Troy Justin P. Agustin, Marby B. Bartolome, Narciso Calayag, Jr, at Jerson L. Resurrecion na humantong sa pagbubuwis ng kanilang mga buhay;

*SAPAGKAT,* ang konstruksyon ng Bulacan Airport ng San Miguel Aerocity, Inc., bagama't kinikilang magdudulot ng higit kaunlaran at karangalan sa probinsya, ay pinangangambahan na maging sanhi ng higit na paglubog ng ibang lugar dahil sa gagawing pagtatambak at pagtataas ng bahaging sakop ng Airport at Aerocity;

*SAPAGKAT,* sa kabila ng panawagan ng mga Bulakenyo, at ilang dayalogo ng mga Kongresista ng Bulacan, sa pangunguna nina House Committee on Transportation Chairman Romeo M. Acop at Vice Chairman Augustina Dominique "Ditse Tina" C. Pancho, kasama ang Department of Transportation, Department of Public Works and Highways, at San Miguel Aerocity, Inc., WALA pa ring: (1) Flood Management Master Plan para sa Probinsya ng Bulacan katulad ng sa Caloocan, Malabon, at Navotas (CAMANAVA) noon; (2) Ahensya ng Gobyerno na nagsisilbing Lead Agency sa usapin ng pagbaha sa Bulacan; at (3) isinasagawang flood mitigation measure, katulad ng pagpapalalim at pagpapalapad ng mga daanang tubig, ang San Miguel Aerocity, Inc.

sa kabila ng kanilang deklarasyon na parte ito ng kanilang plano hinggil sa Airport at Aerocity;

*SAPAGKAT,* wala nang ibang panahon kundi ngayon upang magsama-sama ang yaman, talino, kakayahan, at malasakit ng pamahalaang nasyunal at lokal, San Miguel Aerocity, Inc., at mga mamamayan upang sugpuin at mapagtagumpayan ang problema ng pagbaha sa Probinsya ng Bulacan na sagabal sa kaunlaran, kabuhayan, kaligtasan, at kalusugan ng buong bansa.

**NGAYON, DAHIL RITO, IPINASIYA,** ng KAPULUNGAN NG MGA KINATAWAN ng Pilipinas, na hilingin at himukin ang mga kinauukulan upang mabigyang prayoridad ang pagbibigay ng agaran at komprehensibong solusyon sa deka-dekada nang problema ng pagbaha sa Probinsya ng Bulacan, at magsagawa ng isang *inquiry in aid of legislation* ang Committee on Transportation ukol rito.

Pinagtitibay,

**DANILO "DANNY" A. DOMINGO**
1ST District - Bulacan

**AUGUSTINA DOMINIQUE "DITSE TINA" C. PANCHO**
2nd District - Bulacan

**LORNA C. SILVERIO**
3rd District - Bulacan

**LINABELLE RUTH R. VILLARICA**
4th District - Bulacan

**AMBROSIO C. CRUZ, JR.**
5th District - Bulacan

**SALVADOR A. PLEYTO, SR.**
6th District - Bulacan

**FLORIDA "RIDA" P. ROBES**
Lone District of San Jose Del Monte, Bulacan